REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92-263**

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONG BAYAN IGNACIO R. BUNYE BILANG KINATAWAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA MAKIPAGKASUNDO AT PUMASOK SA ISANG KONTRATANG PAGPAPAUPA SA PHILIPPINE NATIONAL BANK.**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** ayon sa itinatadhana ng batas, partikular na ang Seksyon 444 b (vi) ng Local Government Code, ang Punong Bayan sa kapangyarihang ipinagkaloob ng Sangguniang Bayan, ay maaaring kumatawan sa Pamahalaang Bayan sa lahat ng pangkalakal na transaksyon at lumagda para sa pamahalaang lokal sa mga "bonds", kontrata at pananagutan, at iba pang dokumentong ginawa sang-ayon sa batas o ordinansa;

**SAPAGKAT,** ang pagpasok sa isang kasunduan ay mangangailangan ng masusuing pag-aaral at madaling pagpapasya para sa kaagad na pagtatamo ng benepisyo para sa Pamahalaang Bayan na hindi magagampanan ng Sangguniang Bayan bilang isang katawan;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Sangguniang Bayan na ang kapakanan at interes ng mamamayan ng Muntinlupa ay mapapangalagaan ng ating Punong Bayan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na gumawa ng isang kapasiyahan na nagbibigay kapangyarihan sa Punong Bayan Ignacio R. Bunye bilang kinatawan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na makipagkasundo at pumasok sa isang kontratang pagpapaupa sa Philippine National Bank.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang ika-200 regular na pulong na ginanap ngayong ika-27 ng Abril, 1992.

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUNAYAN :

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
**Pangalawang Punongbayan/**
**Pangulong Opisyal**

PINATOTOHANAN :

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

PINAGTIBAY :

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**